【Tagalog 菲律賓文】

Ipinahayag ng FSD ang bagong pamamaraan para sa direktang pagpasok sa mga pasilidad ng pagbubukod

****

Upang mapigil ang pagkalat ng virus sa komunidad laban sa pagdami ng mga kaso ng COVID-19, naglunsad ng bagong pamamaraan ang Kagawaran ng Serbisyong Bumbero (FSD) para sa pagpasok sa mga pasilidad ng komunidad sa pagbubukod sa lalong madaling panahon sa pamamagitan ng email, hotline sa WhatsApp at mga account ng WeChat.

Dapat nagpositibo sa COVID-19 ang mga aplikante na may malumanay na sintomas at kakayahan sa pag-aalaga sa sarili sa pamamagitan ng mga sumusunod na pamamaraan sa pagsusuri:

(1) pagsusuri sa nucleic acid;

(2) pagsusuri ng laway sa ilalim ng lalamunan; o

(3) rapid antigen test.

Ang pagsasaayos kung sino ang mauuna ay ibabatay sa dami ng tumutuloy sa pasilidad ng pagbubukod, ang kapaligiran ng tirahan ng aplikante, medikal na kalagayan o iba pang kadahilanan. Sa pagkatanggap ng mga mensahe, magbibigay ang FSD ng karagdagang tagubilin sa mga nahawaang pasyente.

Pamamaraan sa pakikipag-ugnay:

1. Email: fsd_cif@hkfsd.gov.hk

2. WhatsApp: 5233 1833 (pindutin ang link sa ibaba upang magpadala ng mensahe sa HKFSD: https://wa.me/message/IGMQN56VPJVEF1)

3. Account sa WeChat: fsd_cif

Upang mapadali ang pagsasaayos sa pasilidad ng komunidad sa pagbubukod sa lalong madaling panahon, mangyaring ibigay ang mga sumusunod na impormasyon:

Pangalan (Ingles):

Edad:

Kasarian:

Numero ng ID (e.g. A1234xxx):

Numero ng telepono:

Address ng tirahan:

Pamamaraan ng pagsusuri:

Petsa ng positibong resulta: